02

# Ehekutibong Buod

ANG BC ELECTORAL BOUNDARIES COMMISSION AY HINIRANG PARA REBYUHIN ANG PROVINCIAL ELECTORAL DISTRICT BOUNDARIES.

**Ang British Columbia ay isang kumakatawang demokrasya. Ang province ay binubuo ng 87 electoral districts o kaya ridings. Ang mga táong naninirahan sa bawat riding ay bumoboto para sa táong nais nilang kumatawan sa kanilang mga kagustuhan sa lehislatura.**

Ang sistemang "representation by population" ("pangangatawan ayon sa populasyon") na ito ay batay sa ideya na ang boto ng isang tao ay dapat kasing bigat ng boto ng ibang tao, saan man sila nakatira sa province. Para mangyari ito, ang populasyon ng bawat riding ay dapat halos pareho.

Ang prinsipyo ng pangangatawan ayon sa populasyon sa British Columbia ay kaugnay ng kasing-halagang prinsipyo ng "effective representation" ("mabisang pangangatawan"). Kinikilala ng effective representation na ang mga binotong representative ay hindi lamang umuupo sa lehislatura at bumoboto kung 'di mayroon din silang mahalagang tungkulin na tulungan ang kanilang constituents na makipagtalakayan sa mga ahensiya ng gobyerno. Ang tawag ng mga korte dito ay ombudsperson role. Ang effective representation ay batay sa ideya na ang lahat ng tao ay dapat may pare-parehong access sa kanilang binotong representative, lalo na sa ombudsperson role, gaano man kalaki ang heyograpiya ng kanilang riding, anuman ang population density o infrastructure.

Dahil ang populasyon ng British Columbia ay hindi static, kinakailangang pana-panahon na rebyuhin ang bilang at mga boundary ng electoral districts ng B.C. upang patuloy na masigurado na ang B.C. residents ay may effective representation ayon sa populasyon. Iniuutos ng *Electoral Boundaries Commission*




*Act* (ang Batas) na humirang ng electoral boundaries commission pagkatapos ng bawat pangalawang provincial general election upang magmungkahi ng mga pagbabago sa lugar, boundaries, at mga pangalan ng electoral districts sa province.

Ang aming Commission ay hinirang noong Oktubre 21, 2021. Kami ay sina:

Justice Nitya Iyer, Justice of the Supreme Court of British Columbia (Chair)

Linda Tynan, Local Government Advisor

Anton Boegman, Chief Electoral Officer of British Columbia

Mababasa mo ang aming mga background at ang kasaysayan ng electoral boundaries commissions sa B.C. sa Chapter 3 ng report na ito.

Malinaw na nirereperensiya ng Batas ang mga prinsipyo ng pangangatawan ayon sa populasyon at effective representation. Ito'y nagbibigay-kahulugan sa kanila sa pamamagitan ng pagtakda sa proseso na dapat sundin ng aming Komisyon at sa factors na dapat nitong isaalang-alang.

Dapat kaming gumawa ng mga mungkahi para sa mga pagbabago sa electoral boundaries, at maaari kaming magmungkahi nang hanggang anim na bagong electoral districts, na maaaring magdagdag sa kalakihan ng Legislative Assembly na sa kasalukuyan ay 87 at magiging 93 mga Miyembro. Maaari kaming magtanghal ng initial public meetings, o kaya hearings,

RETRATO 1: PUBLIC MEETING SA NANAIMO, B.C. MULA SA: BC ELECTORAL BOUNDARIES COMMISSION. MARSO 22, 2022.

at dapat nating pag-usapan ang aming preliminary report ng mga iminumungkahing pagbabago sa lehislatura sa loob ng isang taon ng aming appointment. Pagkatapos noon ay dapat kaming magtanghal ng mga public hearing upang makakuha ng input mula sa publiko tungkol sa aming mga proposal. Pagkatapos isaalang-alang ang input na iyon, dapat naming bigyan ang mga kasalukuyang Miyembro ng Legislative Assembly (MLAs) ng pagkakataong magbigay ng mga submission sa amin. Ang aming panghuling report na naglalaman ng mga pagbabagong iminungkahi namin batay sa input na aming natanggap ay dapat pag-usapan sa loob ng anim na buwan ng petsa ng aming unang report. Ang lehislatura ang mamamahala kung tatanggapin ang lahat, ang ilan, o kung walang tatanggapin sa aming mga rekomendasyon.

Itinatakda ng Seksyon 9 ng Batas ang mga prinsipyo na dapat naming iaplay. Dapat naming tiyakin ang karaniwang bilang ng mga tao sa bawat electoral district, na tinatawag na “electoral quotient,” sa pamamagitan ng paghati ng populasyon ng provinces sa bilang ng electoral districts na aming iminumungkahi. Iniuutos sa amin ng Batas na magmungkahi ng electoral district boundaries batay sa heyograpiya (kabilang na ang accessibility, laki, at physical configuration ng mga bahagi ng British Columbia), demograpikong konsiderasyon (kabilang na ang communities of interest, kung gaano kakaunti ang mga tao, at rate ng paglaki ng populasyon), at ang uri ng komunikasyon at transportasyon. Ayon sa Batas, dapat kaming magmungkahi ng electoral districts na may mga populasyon sa loob ng +/- 25% ng electoral quotient. Ito’y tinatawag nating “karaniwang deviation range.”

Gayunman, kinikilala rin ng Batas na maaaring hindi laging posible na magmungkahi ng ridings sa loob ng karaniwang deviation range na nagsisigurado sa effective representation para sa kanilang residents. Pinahihintulutan kami nitong gumawa ng mga mungkahi para sa electoral districts na ang mga populasyon ay nasa labas ng karaniwang deviation range kung ito’y “kinakailangan upang maglaan ng mabisang pangangatawan.” Sa paggawa ng ganoong pagpapasiya, dapat kaming maghanap ng mga natatanging konsiderasyon sa heyograpiya, kabilang na ang madaling mapamahalaang heyograpikong laki, mga tanging demograpikong konsiderasyon, kabilang na ang communities of interest.

Pagkatapos kaming hinirang, nagpasiya kaming makarinig mula sa publiko bago gumawa ng anumang mga sariling opinyon tungkol sa kung ano dapat ang aming mga proposal. Gusto naming maging kasing accessible hanggang maaari sa pamamagitan ng pagpunta nang personal sa mga komunidad, pagtanghal ng virtual meetings, at pag-imbita ng mga submission gamit ang aming website, email, at mail. Noong aming unang proseso ng konsultasyon, nagtanghal kami ng 50 pampublikong meeting sa 43 komunidad at nakatanggap kami ng mahigit sa 1,000 indibidwal na submissions.

Inisyu namin ang aming paunang report, at dinala namin ito sa Legislative Assembly noong Oktubre 3, 2022. Mula noon hanggang sa Nobyembre 22, 2022, hiniling namin ang mga taga-British Columbia na magpuna sa aming mga paunang rekomendasyon. Nagsagawa kami ng 13 pampublikong hearings kung saan nakarinig kami mula sa 76 presenters. Nakatanggap kami nang mahigit sa 800 submissions. Noong Nobyembre 23, 2022, nagtanghal kami ng mga hearing para sa mga Miyembro ng Legislative Assembly, kung saan nakarinig kami mula sa 35 MLA.

Nangolekta rin kami ng impormasyon tungkol sa populasyon, paglaki ng populasyon, heyograpiya, ruta ng transportasyon, at internet connectivity mula sa iba't-ibang mga tao. Pinag-aralan namin ang kasaysayan ng electoral boundary-drawing sa B.C. at sa Canada, nagbasa kami ng mga artikulo at mga kaso sa hukuman tungkol sa konstitusyonal na karapatang bumoto, at nakipag-usap kami sa mga akademikong eksperto at mga miyembro ng mga dating electoral

boundaries commissions. Ginamit namin ang lahat ng sources na ito upang magdibelop ng mga tuntunin para sa aming mga pagtatalo. Mayroon ka pang mababasa tungkol sa kahulugan ng mga terminong ginamit sa batas, sa aming mga nagpapatnubay na tuntunin, at sa proseso patungo sa aming mga proposals sa Chapter 4 ng ulat na ito.

Nilalaman ng Chapter 5 ang aming mga proposal at ang aming mga dahilan para sa kanila; mayroon ding mga mapa ng mga boundary ng bawat iminumungkahing electoral district, at area maps na nagpapakita ng relasyon ng mga magkakatabing electoral districts. Upang gawin itong madali, hiniwalay namin ang province sa 11 heyograpikong lugar: Vancouver Island, ang North, Prince George at ang Cariboo, ang Kootenays, ang Interior, Fraser Valley- Langley-Maple Ridge, Burnaby-New Westminster-Tri-Cities, Surrey, Richmond-Delta, Vancouver at North Shore-Sea to Sky-Sunshine Coast. Sila'y nakalista sa pagkakahanay na sinunod namin para sa aming mga pagtatalo.

Inirerekomenda namin ang paglikha ng anim na bagong electoral districts. Ang apat ay dapat nasa Lower Mainland kung saan ang mga populasyon ng maraming electoral districts ay kasalukuyang mahigit sa 25% lampas ng electoral quotient at sila'y tinatayang patuloy na lumaki nang mas mabilis kaysa sa mga populasyon ng mga riding sa natitirahang bahagi ng province. Iminumungkahi naming ilagay ang mga bagong electoral districts na ito sa Burnaby, Langley, Surrey, at Vancouver. Sa Vancouver Island, iminumungkahi naming lumikha ng karagdagang riding sa bandang Langford upang masigurado na ang electoral districts sa mabilis na lumalaking lugar na ito ay mananatili sa loob ng karaniwang deviation range. Nagmumungkahi kami ng bagong electoral district para sa Interior na lugar upang mas balansihin ang mga populasyon sa mga mabilis na lumalaking komunidad ng West Kelowna, Kelowna, Lake Country at Vernon.

Habang iminumungkahi namin ang anim na bagong electoral districts at ginagamit namin ang 2021 Census population statistics, ang electoral quotient ay 53,773 at ang karaniwang deviation range ay nasa pagitan ng 40,330 at 67,216 tao bawat riding.

Wala kaming iminumungkahing mga pagbabago sa mga pangalan ng mga boundary ng 15 kasalukuyang electoral districts.[1] May matitirang 72 kasalukuyang ridings na may mga boundary na iminumungkahi naming i-adjust. Marami sa mga pagbabagong ito ay maiuugnay sa anim na bagong electoral districts. Ito'y dahil kapag lilikha ng isang bagong district, kailangan ng boundary adjustments sa ibang mga riding sa lugar.

Ipinapakita rin ng ibang mga iminumungkahing pagbabago ang aming pagsisikap na dalhin ang populasyon ng pinakamaraming maaaring electoral districts sa loob ng karaniwang deviation range na +/- 25% ng electoral quotient. Halimbawa, sa Kootenays, dalawa sa apat na kasalukuyang electoral districts, ang Columbia River- Revelstoke at ang Nelson-Creston, ay mas mababa sa karaniwang deviation range. Sa aming iminumungkahing electoral boundary adjustments, ang populasyon ng dalawang distrito na ito ay mapupunta sa loob ng karaniwang deviation range.

Sa kasalukuyan, 17 electoral districts ang nasa labas ng karaniwang deviation range: anim ang mas mataas kaysa sa maximum at 11 ay mas mababa sa minimum. Sa aming iminumungkahing pagbabago, ang lahat maliban sa limang ridings ay mapupunta sa range.

Ang limang ridings na ang mga populasyon ay mas mababa sa minimum na karaniwang deviation range ay lahat nasa North na bahagi ng province. Sila ang North Coast, Skeena, Stikine, Nechako Lakes at Peace River South. Ang populasyon ng pang-anim na northern riding, ang Peace River North, ay umabot lamang sa loob ng karaniwang deviation range. Bagama't maingat naming iniiksamin

ang mga opsyon para pagsama-samahin ang mga kasalukuyang anim na ridings at gawin silang lima, kumbinsido kami na ang anumang mga ganoong pagbabago ay magtatanggal sa residents ng mga distritong ito ng mabisang pangangatawan. Ang napakalaking heyograpikong kalahikan ng marami sa mga ridings na ito, ang kanilang mapaghamong terrain at weather, at ang mga limitadong opsyon sa transportasyon at napakahinang internet connectivity ay nagkokombinsi sa amin na talagang kinakailangang panatilihin nila ang kanilang mga kasalukuyang boundary upang makatanggap ng mabisang representation.

Sa aming mga proposal, ang timbang ng isang boto sa riding sa province na may pinakamaliit na populasyon ay hindi na magiging apat na beses na mas mabigat kaysa sa timbang ng isang boto sa riding sa province na may pinakamaraming populasyon. Ang pagkakaiba ay magiging mga three to one. Sa aming opinyon, ito ang hindi maiiwasang konsekwensiya ng pagbalanse ng mga tuntunin ng pangangatawan ayon sa populasyon gamit ang effective representation sa maximum ng 93 ridings, tulad ng iniuutos ng Batas.

Marami sa aming mga iminumungkahing pagbabago sa mga boundary para sa mga electoral district na ang mga populasyon ay nasa loob ng karaniwang deviation range ay naggagaling sa input na natanggap namin noong kami ay nangonsulta. Alinsunod sa aming mga tuntunin, binabago ng aming mga rekomendasyon ang mga kasalukuyang boundary upang mas maitugma ito sa mga border na kinikilala sa komunidad, tulad ng arterial roads, mga heyograpikong katangian, at mga munisipal o administratibong boundary. Sa gayon ay sinisikapan naming respetuhin ang mga pananaw ng mga resident hinggil sa kanilang pare-parehong interes sa mabisa at makatwirang pangangatawan sa province.

Iminumungkahi rin namin ang boundary adjustments upang bawasan ang mga pagkakaiba ng mga populasyon ng magkakapitbahay na ridings; ito'y lumilikha ng espasyo para sa paglaki ng populasyon na inaasahan bago ang susunod na electoral boundaries commission review. Pinahihintulutan kami ng aming data na hulaan kung gaano kabilis ang tinatayang pagdami ng populasyon sa mga partikular na lugar. Ngunit hindi namin siguradong masasabi kung ang pagdami ng populasyon ay mangyayari sa isang riding o sa mga kapitbahay nito. Kapag naglaan kami ng lugar para sa paglaki sa pinakamaraming ridings na maaari, babawasan ng aming mga proposal ang pagiging malamang na lalaki o liliit ang mga populasyon o ng riding sa labas ng karaniwang deviation range sa darating na walong taon.

Nagmumungkahi kami ng mga pagbabago sa mga pangalan ng 41 electoral districts (kabilang na ang anim na iminumungkahing bagong ridings) upang masigurado na wasto nilang sinasalamin ang distrito at na sila'y naiiba sa mga pangalan ng federal ridings.

Bukod pa sa mga detalye ng aming mga proposal na nakatakda sa Chapter 5, makakahanap ka ng interactive map na may mga kasalukuyan at iminumungkahing electoral districts sa aming website sa bcebc.ca.

Sa paglathala at pagsumite ng pinakahuling report na ito sa Abril 3, 2023 ay tapos na ang aming trabaho bilang isang Commission Nais naming taos-pusong pasalamatan ang maraming mga taga-British Columbia na naglaan ng panahon upang ibahagi ang kanilang mga pananaw sa amin. Ang inyong input ay naging napakahalaga sa paghugis ng aming pag-unawa sa ating komplikado at diverse na province.sa Abril 3, 2023.

## Mga Tala

1. ITINUTURING NAMIN ANG ISANG ELECTORAL DISTRICT NA "UNCHANGED" (WALANG PAGBABAGO) KUNG ANG ADJUSTMENT NG ISANG BOUNDARY AY WALANG EPEKTO SA POPULASYON.